Name : ____________________________________________

Topic: Araling Panlipunan – Pagsiklab ng Digmaang Espanya-Estados Unidos, Pagbalik ni Aguinaldo sa Pilipinas

SCHOOLKID.PH
http://www.schoolkid.ph
Contributor : RFAquino

**PANUTO:** Isulat ang T kung tama ang isinasaad ng pangungusap. Kung ito ay mali, palitan ang nakasalungguhit upang maging tama ang pangungusap.

________________ 1. Isa sa mga probisyon ng kasunduan sa Biak-na-bato ay ang pagtapon kay Aguinaldo sa Hong Kong.

_______________ 2. Tinaguriang "Hong Kong Junta" ang tuloy na pamamalakad ng pamahalaang Pilipino kahit na siya at ang ibang pinuno ng kanilang samahan ay wala sa Pilipinas.

________________ 3. Maliban sa rebolusyonaryong nagaganap sa Pilipinas, abala rin ang Espanya sa rebolusyon sa China kung saan may mga lupain doon ang Estados Unidos.

________________ 4. Nang magdeklara ng digmaan ang Estados Unidos laban sa Espanya, nagpunta si Komandante George Dewey sa Pilinas upang was akin ang sandatahang lakas-pandagat ng mga Espanyol.

________________ 4. Nagwagi ang hukbong Amerikano sa paglaban sa mga Espanyol nang masunog ang punong bapor ng mga Espanyol, ang *Reina Cristina*, sa Look ng Cavite.

________________5. Mula sa Hong Kong, lumisan si Aguinaldo papuntang Japan kung saan siya nakitagpo kay E. Spencer Pratt na nagkumbinsi sa kanya na tulungan ang Estados Unidos sa paglaban sa Espanya.

________________7. Naisip ng grupo nina Aguinaldo na baka isang bagong mananakop lamang ang Estados Unidos ngunit tinanggap pa rin nila ang alok ng mga Amerikano na ibalik sila sa Maynila.

PANUTO: Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari tungkol sa pagbabalik ni Emilio Aguinaldo sa Pilipinas.

_____ Nagbalik si Aguinaldo sa Pilipinas matapos malupig ni Dewey ang armadong Espanya sa Look ng Maynila.

_____ Lumisan si Aguinaldo patungong Hong Kong bilang isang probisyon sa kasunduan sa Biak-na Bato.

_____ Kinumbinse ni E. Spencer Pratt si Aguinaldo na makipagtulungan sa mga Amerikano at pinabalik siya sa Hong Kong.

_____ Tumungo si Aguinaldo sa Singapore dahil sa banta ni Isabelo Atacho na siya ay kakasuhin sa korte ng Hong Kong.

______ Bumalik sa Hong Kong sa Aguinaldo upang makitagpo kay Dewey para sa kasunduan ng pagtutulungan.

Copyright 2013 www.schoolkid.ph All Rights Reserved. For Personal Use Only.